Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-19 NG HULYO, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President. |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 131-2021**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGGAGAWAD NG "SPECIAL USE PERMIT" KAY BB. ANNABE ALVAREZ PATIÑO PARA SA PAGTATAYO NG HANPAO PRIVATE RESORT SA BARANGAY ATLAG, LUNGSOD NG MALOLOS.**

**AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA,**
**KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY,**
**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** Si Bb. Annabe Alvarez Patiño, ay naghain ng aplikasyon sa Sangguniang Panlungsod na humihiling na mapahintulutan na makapagtayo ng proyektong *Hanpao Private Resort* na matatagpuan sa Sto. Cristo Diversion Road, Barangay Atlag, Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** Ang Special Use Permit (SUP) ay pangunahing rekisito sa pagtatayo ng *private resort* sa ating lokalidad, ito ay ipinagkakaloob ng Sangguniang Panlungsod sa pamamagitan ng isang pinagtibay na kapasiyahan matapos ang masusing pag-aaral sa aplikasyon batay sa itinatadhana ng CITY ORDINANCE NO. 67-2020, AN ORDINANCE UPDATING AND AMENDING CITY ORDINANCE NO. 07-2013 ALSO KNOWN AS "AN ORDINANCE AMENDING SECTION 4 OF ARTICLE VIII OF THE ZONING CODE OF MALOLOS" TO INCLUDE ADDITIONAL INDUSTRIES COVERED BY THE ISSUANCE OF SPECIAL USE PERMIT (SUP) AND PROVIDING FOR CONDITIONS THEREIN;

**SAPAGKAT,** Ang aplikante ay nakapagsumite ng kaukulang dokumento na naaayon sa seksyon 4 *(Documentary Requirements)* ng Kautusang Panlungsod Blg. 67-2020 kung kaya't ito ay tinanggap ng Tanggapan ng Kalihim ng Sangguniang Panlungsod at naitukoy sa lupon;

**SAPAGKAT,** nagkaroon na ng serye ng mga pagdinig upang talakayin at pag-aralan ang mga isinumiteng plano at dokumento ng aplikante, nagkaroon ng mga kahilingan ng pagsusumite ng iba pang karagdagang dokumentong makatutulong sa pagbibigay linaw at pag-aaral sa proyekto, nagkaroon ng kahilingan at atas mula sa Tagapangulo ng Lupon Kgg. Noel G. Pineda - Pangalawang Punong Lungsod na mapag-aralan ng mga Pinuno ng Tanggapan ang mga isinumiteng dokumento at plano ng aplikante at kung ito ba ay sapat upang makapagbigay ng *special use permit;*

**SAPAGKAT,** nagkaroon ng tagubilin sa mga pinuno ng tanggapan na mapag-aralan ang aplikasyon ng *HANPAO PRIVATE RESORT* at kung mayroong nakitang pagtatama ay direktang ipaabot sa aplikante at bigyan ng sipi ang Sangguniang Panlungsod;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT** wala ni isa man sa mga pinuno ng mga tanggapan na may kinalaman sa paksang aplikasyon ang nagpahatid ng liham ng may pagtutol o' pagpapahayag ng anumang alituntuning maaring labagin sa pagpapatibay ng paksang aplikasyon;

**SAPAGKAT,** ang Sangguniang Barangay na nakasasakop 'private resort' ay nagpapasa ng isang Kapasiyahang Barangay Blg. 01 Serye 2020, na nag-eendorso at sumusuporta sa naturang proyekto dahil sa kabutihang maidudulot nito sa kanilang mga mamamayan;

**SAPAGKAT,** ang panukalang proyekto ay magdaragdag ng hanapbuhay sa naturang barangay, kaakibat ang karagdagang kita sa kaban ng Pamahalaang Barangay, at Pamahalaang Lungsod na magsusulong at magtataguyod ng Kagalingang Panlahat, na batay sa itinatadhana ng Seksyon 16 ng Local Government Code of 1991;

Sa kahilingan ni Kgg. Dennis D. San Diego na pinangalawahan ni Kgg. Sacay at mga Kasangguni, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na:

1) Ginagawaran ang "SPECIAL USE PERMIT" si BB. ANNABE ALVAREZ PATIÑO PARA SA PAGTATAYO NG HANPAO PRIVATE RESORT sa Barangay Atlag, Lungsod na ito;
2) Tatlong (3) taon makalipas ang pag-isyu ng nasabing permiso, inaatasan ang aplikante na ipagbigay alam ang patuloy na pagtalima sa mga pamantayang naaayon sa batas sa kaakibat na kondisyon nito at ang kabiguang maisagawa ito ay ang pagwawalang bisa ng nabanggit na permiso;
3) Magkakabisa ang nasabing permiso matapos pagtibayin ang kapasiyahang ito.

**PINAGTIBAY.**

***KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

***KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

***KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

***KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

***KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*07192021